




PERA MO ITO
KUHANIN MO!
EARNED INCOME TAX CREDIT

FTB
EST 1929

# KUHANIN ANG IYONG PERA!

# MAG-FILE NG IYONG MGA BUWIS!

## TULONG PARA SA MGA TRABAHADOR NA MABABA ANG KITA:

- **Kredito sa Buwis ng California sa Kita sa Pagtatrabaho** (hanggang **$3,644** ang pwede mong matanggap)
- **Kredito sa Buwis ng Pederal sa Kita sa Pagtatrabaho** (hanggang **$7,830** ang pwede mong matanggap)
- **Kredito sa Buwis ng California kaugnay sa Batang Wala pa sa Hustong Gulang** (hanggang **$1,154** ang pwede mong matanggap)
- **BAGONG Kredito sa Buwis ng California kaugnay sa Batang Kinupkop** (hanggang **$1,154** ang pwede mong matanggap)

## Alamin kung magkano ang pwede mong matanggap!

**Gamitin ang aming calculator para tantyahin ang iyong CalEITC at iba pang mga kredito. Hindi ka kuwalipikado sa anumang kredito sa buwis ng California? Pwede kang maging kuwalipikado para sa pederal na EITC kung kumita ka nang mas mababa sa $66,819.**

**Ano ang iyong kinita sa pagtatrabaho noong 2024?**

| Higit sa $31,950 | $31,950 o mas mababa |
|---|---|
| Hindi ka kuwalipikado sa CalEITC o YCTC, pero posible sa pederal na EITC | Pwede kang maging kuwalipikado para sa CalEITC at pederal na EITC |

**May anak ka bang wala pang anim na taong gulang?**

| OO | WALA |
|---|---|
| Pwede kang maging kuwalipikado para sa YCTC | Hindi ka kuwalipikado para sa YCTC |

**Tandaan:**
Ang impormasyon ay para sa **2024**



MGA TULONG SA PAG-FILE NG BUWIS:

Mag-file ng iyong pederal na buwis nang libre sa tulong ng **IRS Direct File program.*** Bisitahin ang: **irs.gov**

**Gusto mo nang pinakamabilis na refund? Gamitin ang CalFile. Bisitahin ang: ftb.ca.gov/calfile***

**Gusto mo nang LIBRENG tulong sa pag-file ng mga buwis? Bisitahin ang: ftb.ca.gov/vita**

**Kuwalipikado ang mga Nagfa-file ng ITIN!** (mga kredito ng estado lang)

**Tandaan:** Ang impormasyon ay para sa **2024**

*Available lang sa wikang Ingles

FTB 854 TG (REV 02-2025)



# Kredito sa Buwis Kaugnay sa Batang Kinupkop

## Tingnan Ito!

(hanggang **$1,154** ang pwede mong matanggap)

- Dapat ikaw ay **nasa edad na 18** hanggang **25** sa **katapusan ng taon**
- Dapat ikaw ay nalagay sa **foster care sa California noong ikaw ay edad 13 o pataas**
- Dapat ikaw ay kuwalipikado para sa **Kredito sa Buwis ng California sa Kita sa Pagtatrabaho** (hanggang **$3,644** ang pwede mong matanggap)



**Maaari kang magkwalipika para sa mga kredito sa buwis na cash-back na makapagpapataas ng iyong refund kapag nag-file ka ng iyong mga buwis**

Ang California Earned Income Tax Credit (CalEITC), California Young Child Tax Credit (YCTC), California Foster Youth Tax Credit (FYTC) at pederal na EITC ay pwedeng pagsamasamahin upang magbigay ng daan-daan o libo-libong ekstrang dolyar sa iyong bulsa.

Ang CalEITC na pwede mong matanggap ay depende sa kinikita mo mula sa trabaho. Ang mga kuwalipikasyon ay ang sumusunod:

- Hindi ka bababa sa edad 18 o may anak ka.
- Nagtatrabaho ka para sa isang employer o nagtatrabaho para sa sarili.
- Ikaw ay may numero ng Social Security o pederal na Individual Taxpayer Identification Number (ITIN).
- Nakatira sa California nang hindi bababa sa kalahati ng taon ng pagbubuwis.

Kung nagkakwalipika ka para sa CalEITC at may anak na wala pang anim na taong gulang, maaari ka ring magkwalipika para sa YCTC. Para sa taon ng pagbubuwis 2022 at sa mga sumusunod, kung natugunan mo ang lahat ng iba pang kinakailangan, hindi mo kailangan ng kita para maging kwalipikado para sa Young Child Tax Credit.

Para sa impormasyon tungkol sa CalEITC, YCTC, FYTC, at pederal na EITC, bisitahin ang: ftb.ca.gov/caleitc